# 1

"I'm home, Rio," walang siglang pahayag ni Drew matapos ipatong ang dalang bag sa mesa. Humilata siya sa sofa pagdaka.

She was glad for the comfort of the cushion underneath her, pleased with the silence that welcomed her home… and happy that the exhausting day was over.

Ilang sandali lang ay namigat na ang talukap ng kanyang mga mata. She was on the verge of slumber when a strange noise caught her attention.

Agad tumayo si Drew mula sa kinahihigaan at hinanap ang pinanggagalingan ng kakaibang kaluskos na naririnig. It was coming from the bathroom.

Dahan-dahang pinihit niya ang door knob ng banyo.

"Rio!" Halos panawan ng ulirat ang dalaga nang makita ang kapatid na nakalupasay sa tiled na sahig at hawak ang nagdurugong braso. Tila nahulaan na niya ang sinubukan nitong gawin nang mapansin ang piraso ng basag na salamin sa tabi nito.

She rushed to his side immediately. Maagap siyang naghagilap ng pampaampat sa pagdurugo ng sugat nito. She covered the wound with a hand towel.

“Ano’ng ginagawa mo?” tarantang aniya. “My God! ’W-wag mo naman akong takutin nang ganyan.” Inalalayan niya ito para makatayo, pero hindi naman ito nagpahila. “L-let’s go to the hospital. Baka kung ano pa ang mangyari sa ’yo. Come on.” She fretted like a mother hen.

Hindi pa rin ito tumayo mula sa pagkakasalampak sa sahig. “Ate… this is nothing. Mababaw lang ito. But how I wish mas malala na lang ang sugat ko para hindi ko na maramdaman ang sakit na ‘to.” Itinuro ni Rio ang sariling dibdib at sinuntok iyon. Humagulhol ito at napasubsob sa balikat ni Drew.

Kung sa ibang pagkakataon, baka pinagtawanan niya ang kadramahan nito. Pero hindi niya iyon magagawa ngayon dahil kita sa mukha ng kapatid ang pagdurusa.

“W-what the heck are you saying? Ano ba ang nangyari, Rio? Tell, me. Please.” Niyakap niya nang mahigpit ang kapatid.

She was suddenly struck by the idea that if she

did not arrive at that exact time ay baka hindi na niya naabutan na buhay ang nag-iisang kapatid. She clutched him to her tightly.

"A-Ate, kasi… si D-Diane… Pinagpalit na niya 'ko sa iba. M-may iba na siya… S-she's cheating on me, Ate." Lalo pang lumakas ang hagulhol nito sa balikat niya.

"D-Diane's cheating on you? P-pa'no mo nasabi? Parang imposible, Rio," napapailing na sagot ni Drew.

Kilala niya si Diane. She was her brother's sweet and lovable girlfriend. Ka-close niya ito noon pa man bago ito naging nobya ni Rio. Sa katunayan, siya ang naging tulay ng lalaki sa dalaga. Ang lokohin nito ang kapatid niya ay wala sa hinagap ni Drew.

"Ate, I saw it with my very own eyes. S-she was hugging him… and k-kissing him… In her condo unit. My God!" She saw fresh tears rolled from his eyes. "Pa'no niya nagawa sa 'kin 'to, Ate? I love her. Hindi ko siya niloko kahit minsan. Kahit 'andaming naghahabol sa 'kin. Bakit, Ate?"

Nagsusumamo ang mukha ng kapatid niya. Naghahanap ng kasagutan mula sa kanya.

Drew saw her brother's pain-filled face. Doble

ang sakit na nararamdaman niya para rito. At dobleng galit sa lalaking pumagitna sa relasyon ng dalawang mahalagang parte ng buhay niya.

"Rio, tama na. There must have been some misunderstanding. Mag-usap kayo ni Diane. Settle this like adults. Hindi solusyon ang pagpapakamatay." Sinubukan ni Drew na patahanin ang kapatid subalit lalo lamang itong humagulhol.

"No! No! Ate, can't you see? Mas gugustuhin ko pang mamatay kaysa makitang may iba na si Diane. I can't talk to her. I want to die…" naghihisterikal na saad ni Rio.

Isang malakas na sampal ang dumapo sa pisngi nito.

"Stop it, Rio! Don't you ever say anything like that! Kapag nawala ka, pa'no na 'ko? Wala ba 'kong halaga sa 'yo, ha?" may hinanakit na sumbat niya sa lalaki.

Para namang natauhan ang binata sa sinabi niya. "A-Ate, I'm sorry. Hindi ko sinasadyang saktan ka… I-it's just that I can't think of anything but this pain. I-I'm sorry, Ate…"

Humagulhol ulit ito at napayupyop sa balikat ng kanyang kapatid.

They both cried for a few minutes bago pinawalan ni Drew ang kapatid at saka tumayo.

"Ate, bakit?" nagugulumihanang tanong ni Rio.

Dumerecho siya sa sala. Drew picked up her car keys from the center table and walked to the door. Nang hawak na niya ang door knob ay saka siya pumihit at sinagot ang tanong ng kapatid.

"If you won't talk to Diane, ako ang gagawa. Let's settle this once and for all. Doon pa rin siya nakatira sa may Mantrade, right?" she inquired.

Tango lamang ang naisagot ni Rio.

She started the ignition of the car with one destination on her mind. Hindi siya makapapayag na maging miserable ang buhay ng kapatid niya. She loved that boy too much and she would not let any girl cause Rio's life to be in danger.

CHOCOLATE-COLORED EYES …

Iyon ang unang sumalubong kay Raphael nang mabuksan ang pinto ng condominium unit ni Diane.

Isang babae ay may katamtamang taas at magandang tindig. Naka-pony tail ang dark brown

na buhok na umabot hanggang sa balikat nito. Naka-three-fourths blouse ito na nakabutones hanggang leeg at skinny jeans na itim.

Maputi ito at walang kolorete sa mukha. Wala ring anumang alahas sa katawan, kahit hikaw.

Too simple for his type.

But what caught his attention the most was her face. She has a nice oval face, heart-shaped lips and a strong chin. At kahit sa likod ng wide-rimmed glasses na suot nito ay kita niya ang kulay-chocolate nitong mga mata na napapalibutan ng mahahaba at malalantik na pilik. Sa unang tingin ay mapagkakamalan itong probinsyanang walang ideya sa fashion. But if one would look closely enough, you would notice her extraordinary beauty.

Natigil lamang sa tahimik na pagmamasid si Raphael nang mapansin ang masamang tingin na ipinupukol sa kanya ng estranghera.

Nginitian niya ito. “Can I help you, Miss?” tanong niya rito; flirting. Alam niyang walang nakakatanggi sa killer smile niya kaya sinubukan niya iyon sa babae.

“No, thanks. I think I’m in the wrong unit.” Pumihit ito at nilingon ang ibang pinto sa hallway na

parang may hinahanap. "But I distinctly remember ito ang unit ni Diane," dugtong nito na parang sarili na ang kausap.

"Hindi ka nagkakamali, Miss. Kay Diane 'to. Nasa shower siya. Friend ka ba niya?" ngiting-ngiti pa ring tanong niya rito.

Napalis lamang ang ngiti niya when he saw the horrified look from the woman's eyes. Hindi na niya alam ang sumunod na nangyari pagkatapos. May naramdaman na lang siyang sakit sa kaliwang mata niya. Sa lakas ng impact niyon ay natumba siya paupo sa sahig sa loob ng unit.

"What the…?" bulalas niyang napasapo sa matang tinamaan ng kamao nito.

"Rio was right! Damn you, whoever you are! Dahil sa 'yo, muntikan nang magpakamatay ang kapatid ko! Higit pa riyan ang nararapat sa 'yo!" kuyom ang kamao na singhal ng dalaga.

"I don't know what you're talking about," naguguluhang sagot ni Raphael habang sinusubukang tumayo mula sa pagkakatumba.

"The hell you do! 'Wag na 'wag ka na uling makalapit-lapit sa kapatid ko. Kahit pa si Diane. Tell her that. Kundi mas masahol pa d'yan ang aabutin

mo!"

The woman stomped off leaving a jaw-dropped Raphael sitting on the floor.

Ganoon siya naabutan ni Diane.

"Kuya Rap! Ano'ng nangyari sa 'yo?" Tumakbo sa tabi niya ang dalaga at tinulungan siyang makaupo sa sofa.

"I don't know, Di," litong aniya. "Bigla na lang akong sinapak ng isang babaeng walang sense of fashion. Galit na galit siya. I'm pretty sure hinding-hindi ko pa nakikilala ang babaeng 'yun." Hinihimas ni Raphael ang namamagang mata niya habang ikinukuwento sa katabi ang nangyari. "Sayang, ang ganda pa naman niya. May kilala ka bang 'Rio'?"

Natutop ni Diane ang bibig. "Oh, my God! Si Ate Drew 'yun!"

Nagmamadaling tinungo ng babae ang telepono. Inabot ito ng kalahating oras sa pakikipag-usap sa telepono bago nagawang bumalik sa tabi ni Raphael.

"What's wrong, Di?" Napansin niya ang namumutla nitong mukha.

"N-nagtangkang magpakamatay ni Rio, Kuya Rap… H-he's my boyfriend. Akala niya I'm cheating

on him dahil nakita niya tayong magkasama." Isinubsob nito ang mukha sa mga palad. "I should've known. What a mess! Nakausap ko na si Rio. Ano'ng gagawin ko? Hindi inakala ni Rio na pupunta dito ang ate niya." Diane was fretting like a scared cat.

Nilapitan niya ito kaagad at ikinulong sa mga bisig.

"Shh! Stop it, Di! Magiging okay din ang lahat. Kakausapin natin sila and we'll explain everything. It's going to be all right." Tinutulungan ng binata si Diane para kumalma.

"I sure hope so. I sure do." Wala sa loob na kumawala sa kanya ang dalaga at humakbang patungo sa silid nito. Malapit na ito sa pinto nang tawagin ni Raphael.

"Ano nga ulit ang pangalan ng ate niya?" he asked.

"We call her 'Drew'. 'Yun ang nick name niya." Diane closed the door behind her.

Tumayo si Raphael mula sa kinauupuan niya at kumuha ng yelo mula sa mini-ref. Binalot niya iyon ng tuwalya at inilapat sa namamaga niyang mata. He sat back on the couch and leaned his head on the backrest. Ipinikit niya ang kanyang mga mata.

“Damn!” mahinang bulalas ni Raphael na agad ding iminulat ang mga mata.

Was this a joke? Bakit niya nakikita ang mukha ng probinsyanang iyon? Why was he wondering if she would look much prettier without the glasses on and those stupid clothes?

*Get a grip, man! Walang special sa kanya. She’s plain and geeky-looking. No fun in that.*

Tahimik na nagtatalo ang isip niya.

Ipinikit na niya ulit ang mga mata.

“Sh*t!” And with a disgruntled groan, initsa niya ang hawak na yelo sa dingding. “So much for fun, Raphael…”

# 2

"I'm so sorry for what I've done, Mr. Pantaleon," nakayukong sambit ni Drew sa kaharap.

Nakayuko rin ang kapatid niyang si Rio. Ngani-ngani niyang kutusan ang kapatid sa katangahan nito. Halos magpatiwakal na ito, iyon pala ay maling akala lang ang dahilan ng pagdurusa nito.

Nang iangat niya muli ang paningin ay napangiwi siya sa nakita. Raphael Pantaleon was a dropdead gorgeous hunk. Ang height nito ay six feet, maganda manamit, hanggang batok ang alun-along buhok, may formidable square jaw at deep piercing eyes. Perfection na sana ang kabuuan nito kung hindi lang sa malaking blackeye nito sa kaliwang mata which was all because of her temper.

"Again, I'm sorry," ulit niya; this time looking straight into his eyes.

"It's fine, really, Drew. Buti na lang wala akong assignment ngayon kundi it would really be a problem. Hindi ako puwedeng rumampa nang may pasa. No harm done." Nginitian siya nito at kinindatan.

Napangiwi lalo ang dalaga. *Presko, hmph!* naisaloob niya.

"Kung ganoon, aalis na kami ng kapatid ko. Rio?" Tatayo na sana siya mula sa kinauupuan nang pigilan siya ng kapatid.

"Ate, mag-uusap kami ni Diane. Mauna ka na." Tumayo ito at lumipat sa upuang katabi ng kasintahan.

Nilapitan naman siya ni Raphael nang humakbang siya patungo sa entrance, pagkatapos magpaalam sa magnobyo.

"Do you need a ride, chocolate eyes?" nakangiti pa ring anyaya nito.

"No, thank you, Mr. Pantaleon. May kotse ako," walang emosyong aniya.

Nagmamadaling lumabas si Drew sa restaurant kung saan sila nag-meet nina Diane para ipaliwanag ang pagkakamaling nagawa nilang magkapatid.

Pasakay na siya sa kanyang sasakyan nang abutan ng hinihingal na binata.

"Hindi ka lang pala malakas sumuntok, mabilis ka din pa lang tumakbo," Raphael joked.

“Mr. Pantaleon, ano ba ang kailangan mo?” Nag-uumpisa nang mairita si Drew. Hindi niya gusto ang atensyong ipinapakita ng binata.

“Raphael na lang,” nakangiting sabi niya, halatang nagpapa-cute.

“Sorry, pero hindi tayo close,” hindi napigilan ni Drew na kumawala sa bibig niya.

“I beg to disagree,” naaaliw na sagot nito. “After last night, after the black eye you gave to me, sa tingin ko, close na tayo. Ano sa tingin mo?”

“Ano ba talaga ang gusto mong mangyari, Mr. Pantaleon?” Ubos na ang pasensya ng babae.

“Hindi lang apology ang kailangan ko sa ’yo, Drew. And don’t act like you can’t stand the sight of me when in fact you like everything you see. Huwag ka nang magpakipot, chocolate eyes. You already got my attention. Kahit pangit ang taste mo sa damit, mapagtitiyagaan ko ‘yan.” Sinuyod siya nito ng tingin from head to toe at sinubukang lapitan.

Iniharang ni Drew ang isang kamay para pigilan ito sa nakaka-offend na pagsuri nito sa kanya. “Excuse me? Pumunta ako dito para makipag-ayos sa nagawa ko kagabi, hindi para makipag-flirt, Mr. Pantaleon. Kung anuman nosyon ang pumasok diyan sa kukote

mo, please lang pakitanggal. Wala akong interes sa 'yo at wala akong balak magpakipot. And don't you dare critic my clothes, wala kang karapatan!" Klarong-klaro ang paliwanag ni Drew kay Raphael.

Tatalikuran na sana niya ito ngunit kinabig siya nito at ipinaloob sa yakap nito.

"Katulad ng sinabi ko… huwag ka nang pakipot, chocolate eyes," Raphael whispered in her ear.

Bumilis ang tibok ng puso ni Drew subalit hindi niya hinayaang madala sa kalokohan ng preskong lalaki. Bago pa nito namalayan at nagawang umiwas, she kicked him hard on the shin.

Iika-ikang nasapo ni Raphael ang binti. "Why did you do that?" he shouted in pain.

"Katulad din ng sinabi ko, hindi ako pakipot. Consider that a definite 'no' to your very generous offer. Subukan mo sa pusang kalye ang hirit mo, baka sakaling umubra. Goodbye." She flashed him her winning smile.

Sumakay na siya sa kanyang sasakyan at pinaharurot iyon.

*Damn him! What an egoistic bastard! As if siya ang pinakaguwapong lalaki sa mundo!*

Kung alam niya lang na ganoong klase pala ito ng tao, dinalawa niya sana ang blackeye ng loko.

Habang nasa daan siya ay pinigilan niyang sumagi sa isip ang nakangiting mukha ni Raphael Pantaleon at ang naging reaksyon niya sa yakap nito.

"AYOKO NGA, Jane! Iba na lang ang isama mo! Bakit ba kailangang ako pa?" Naiinis na si Raphael sa pangungulit nito sa kanya.

He was at his bachelor's pad watching DVDs nang dumating ang isa niyang kaibigan sa modeling industry.

Matangkad si Jane Gomez kaysa karaniwang Pilipina, idagdag pa na slender ang katawan nito at morena. She had sharp facial features accentuated by a cute nose. Minsan na niya itong naging fling subalit hindi nagtagal ay naging mas okay silang close friends.

He had been in the modeling industry since he was ten years old. His mother was a typical stage mother. Kung saan-saan siya nito isinali na contests simula noong bata pa siya. Artistahin kasi siya ever since. Namulat na agad siya sa buhay ng pagmomodelo sa murang edad. Nag-iisa lang siyang

anak at pinalaki siya ng ina nang nag-iisa. His father ran off to God-knows-where.

Noong tumuntong na siya sa tamang edad ay humiwalay na siya sa kanyang ina at naninirahan nang mag-isa sa bachelor's pad na nabili sa Mandaluyong. He was living his life to the fullest.

Paminsan-minsan, gaya ngayon, wala siya gaanong projects, binibisita niya ang pinsang si Diane at nag-i-stay sa unit nito nang ilang araw. Sa pinsan niya rin nalaman na mag-aasawa na muli ang mommy niya.

Pagkaisip kay Dianne ay hindi sinasadyang sumagi sa utak niya ang imahe ng isang babae at ang maganda nitong ngiti. Pilit niyang inalis iyon sa isip.

"Raffy, bilis na. This is a once in a lifetime chance. Walang gustong sumama sa 'kin sa mall. I just want to see my favorite writer. Ngayon lang siya lalabas in public and I don't want to miss it," pagsumamo nito.

"What's so great about this writer anyway?" curious na tanong ni Raphael.

Namilog ang mga mata nito. "She's written the sexiest and most sensual novels ever. Kaka-debut

lang niya as romance novelist two years ago, pero natalo na niya ’yung mga beteranong writer sa genre na ’yon. And you know what makes her even more interesting? It’s her anonymity. Kahit kailan, hindi pa siya nagpakita sa tao. Her fans are so eager to get a glimpse of this writer. Ilan taon na kaya siya? I bet she looks pretty,” kuwento ni Jane.

“Ang sabihin mo, baka pangit siya.” Sinabayan pa niya iyon ng malutong na halakhak. Binato siya ng kaibigan ng unan.

“Ano ba, Raffy! Samahan mo na ’ko. You still owe me one, ha. Remember that incident in Baguio?” pangungonsyensya nito.

Napangiwi si Raphael. Sa ganitong mga pagkakataon lang hindi niya matanggihan ang mga kaibigan niya. Dahil sa mga favors na hinihingi niya sa mga ito na most of the times ay may kinalaman sa mga naghahabol na exes niya.

Napabuntong-hininga na lamang siya at ibinalik dito ang unan na ibinato sa kanya.

“Okay. You win but just this time, Jay. Next time, iba na ang isama mo.” May pagsukong tumayo siya at dinampot ang susi ng *CR-V* niya.

Napatayo si Jane at niyapos siya. Ginawaran

din siya nito ng isang halik sa pisngi.

"You're the best, Raffy!" she exclaimed.

"Yeah, yeah, whatever. Kahit super boring pa ang pupuntahan natin. At least, hindi ako tutunganga dito sa pad ko," bugnot na tugon niya.

Magkasabay nilang binagtas ang daan papunta sa parking area kung saan naroon ang kotse niya. Jane was looking at him with a questioning glint in her eyes.

"Spill it," matipid niyang sabi.

"You've been acting weird lately. May problema ka na naman ba sa babae? 'Yang blackeye mo gawa ng babae, 'noh? If so, I'm willing to bail you out again," nagmamagandang-loob na turan ni Jane.

Napatawa siya nang pagak.

"Babae? Yeah," amin niya. "Hindi nga lang 'yung mga tipo ng babae na katulad noon, Jay. This one's… Let's just say, she's exceptional."

With that, bumalik muli sa kanyang balintataw ang nakangiting mukha ni Drew na palaging dumadalaw sa kanyang mga panaginip nang mga nagdaang araw. Isang beses lang niyang nakita ang ngiting iyon at hindi pa para sa kanya. Nahuli niya

itong nakangiti sa kapatid nang araw na iyon na nagkita-kita sila sa restaurant.

Yet, the image she formed stayed on his mind.

“Oh! That kind of girl. Patay ka, Raffy,” napapailing na sagot ni Jane na pumutol sa pagliliwaliw ng isip niya.

“Ha? Bakit naman?” naguguluhang balik-tanong ni Raphael sa kaibigan.

“That kind of girl, my dear Raffy, ang nagiging sanhi ng sakit na tinatawag na ‘pag-ibig’,” seryosong tugon nito.

Tinawanan lamang niya ang sinabi nito subalit nang hindi ito gumanti ng tawa at tiningnan lang siya nang seryoso ay saka siya pumormal ng ayos.

“That’s impossible, Jay.” Flat ang tono ng pananalita niya.

“At bakit naman?” she asked.

“Dahil hindi siya ang tipo kong babae.”

Subalit kahit anong pagdadahilan ang gawin ni Raphael ay hindi niya maialis sa isip ang mukha ng masungit na ‘syanang na sumuntok sa kanya.

“HUWAG KANG kabahan, Drew. Magiging okay

din ang lahat. It's just a book signing event, nothing more. Kaya mo 'yan, Drew. Fight!" piping usal ng isip niya.

Kanina pa sinusubukan ni Drew na pakalmahin ang sarili subalit kahit ano ang gawin niya ay ninenerbyos pa rin siya.

After a year ng pangungulit ng kanyang editor-in-chief, napapayag na rin siya nitong mag-appear para sa book signing.

Si Andromeda Gatchalian ay isang tweny-five-year-old romance writer ng *Emerald Publications*. After debuting two years ago sa genre na napili ay pumatok ang mga libro niya at naging best seller throughout Metro Manila and other regions. Bumenta siya sa mga mambabasa dahil sa angkin niyang galing sa pagsusulat at sa dedication niya sa trabaho.

Despite the success in her career life, zero naman ang lovelife niya. Napaka-ironic na kung anong galing niya sa paggawa ng mga kuwentong pag-ibig at happy endings ay siya namang kabaligtaran sa totoo niyang buhay. Dahil in real siya ay bokya ang lovelife niya. Zero. *Nada*. *Kaputz*.

Hindi naman big deal sa kanya iyon. She did

not care if she would become an old maid. Ang mahalaga sa kanya ay mapagtapos at maalagaan ang nakababatang kapatid na si Rio.

Third year high school siya at nasa elementary pa lang ang kapatid nang mamatay ang parents nila. Nakitira sila sa lola niya sa mother side at bumukod nang makatapos siya ng high school. Halos igapang niya ang pag-aaral ng kolehiyo at ang pag-aaral ng kapatid niya sa pamamagitan ng pagtratrabaho araw at gabi sa isang fast food chain at kung anu-ano pang pagkakakitaan. Hindi siya humingi ng tulong sa partido ng kanilang mga magulang dahil ayaw ni Drew na maging pabigat sa mga ito.

At ngayon nga ay naabot niya ang tagumpay ng pagiging isang manunulat at napagtapos niya ng pag-aaral ang kapatid sa isang eksklusibong unibersidad. All thanks to God and to herself.

Nagbalik ang isip ni Drew sa kasalukuyan nang kalabitin siya ni Chelsea, ang kikay niyang kaibigan at katrabaho.

"'Oy, bruha! Lumilipad na naman 'yang mind mo! Nag-uumpisa nang dumating 'yung mga tao. Tawag na tayo ni Ma'am Donna." Hinila siya nito pabalik sa mesa kung saan siya pipirma ng mga libro.

Nanigas siya sa kinatatayuan.

"I don't think I can do this, Chelsea," mahinang usal niya sa katabi.

Ngani-ngani na siya nitong batukan. "Nge! Ano ka ba, girl? Talagang kinakabahan ka?" Napapantastikuhan itong tumingin sa kanya.

Tumango lamang siya.

"Ganito na lang, Drew. Isipin mo, tindera ka sa tindahan ni Aling Nena. 'Tapos may umuutang sa 'yo ng 'sangkaterbang paninda. Tingnan natin kung hindi ka tumapang," napapahagikgik na anito.

Napatawa na rin siya sa kalokohan nito. Nakatulong iyon upang saglit na mapakalma ang nerves niya.

"Thank you, Chels. I think I can do it. Two hours lang naman, right?"

Tumango ito. "No biggie, girl. Basta ikaw. Malakas ka sa 'kin, eh. Saka dito lang ako sa tabi mo." Pinisil nito ang balikat niya.

Huminga siya nang malalim at pinagmasdan ang humahabang pila sa labas ng bookstore.

*This is it…*

*"MEET TODAY'S best-selling romance writer in person, Andromeda Gatchalian…"*

Iyon ang sumalubong sa kanila ni Jane sa labas ng *National Bookstore* sa *SM Mall of Asia*.

Napapito si Raphael.

"Sweet! Mukhang sikat talaga ang writer na gusto mo, Jay. Tingnan mo, andami nang nakapila. And it's just 10 a.m." Nakakalokong siniko niya ang dalaga.

Sinimangutan siya nito. "I told you. Kaya lang sa tagal natin, sa dulo tuloy tayo ng pila. Ikaw kasi, eh." Tinampal nito ang balikat niya.

"Whoah! Don't go ballistic on me, Jay. Don't worry, I have an idea." Nagsimulang lumapit si Raphael sa mga babaeng nasa banding gitna ng pila at kinausap ang mga ito. After two minutes ay kinawayan siya nito upang lumapit sa mga ito. Pinakilala ni Raphael ang mga babae na pawang awestruck sa kaguwapuhan ng binata.

"You, devil, hindi ko sinabing mang-corrupt ka ng mga inosenteng babae para makasingit tayo sa pila." Siniko ni Jane ang kaibigan.

Raphael smiled at her sweetly. "Jay, wala akong

ginawa. I just asked for a small favor. Malay ko bang pagbibigyan nila ako."

Nakaangat ang dalawa nitong kamay bilang tanda ng pagsuko.

"Player," mahinang buska nito sa kanya.

His smile widened.

"Tell me again kung bakit pati ako ay kailangang bumili ng libro ng writer na 'to?" Nakakalokong iwinagayway pa ni Raphael ang hawak na libro.

"Ako ang magbabayad niyan, Raffy. Bawal kasi na dalawang libro ang papirmahan. One book per person ang policy. Ibigay mo na lang sa 'kin pagkatapos." Binelatan siya nito pagdaka.

Nang tatlo na lamang ang nasa unahan nila, saka lamang nakita sa malapitan ni Raphael ang mystery writer na ibinibida ni Jane.

At napatda siya sa nakita.

It was Drew. The uptight girl who gave him a black eye a few days ago. Ang babaeng naging laman ng mga panaginip niya nang mga nagdaang gabi.

So ito pala si Mystery Writer. Hindi siya makapaniwala na Romance writer ito.

*This would be interesting*… mahinang bulong ng kanyang isip.

Nang siya na ang nasa harapan nito ay nawala ang matamis na ngiti na nakapagkit sa mga labi nito. Nagsalubong ang mga kilay nito. He nearly laughed at her expression subalit pinigilan niya ang sarili.

"You!" she hissed.

"Yeah, it's me, chocolate eyes. How nice of you to remember me." Ngumiti siya ng pagkatamis-tamis.

Hindi niya maiwasang magalak sa sitwasyon. It had been a week since his last encounter with Drew and he thought that it was the last. Nagkamali pala siya.

"Ano'ng ginagawa mo dito? Are you stalking me?" naiinis na tanong nito sa kanya.

Raphael could see the beginning of creases on her beautiful forehead. Pinigil niya ang sariling pawiin iyon ng kanyang mga kamay.

"Actually, hindi. Nandito ako katulad ng ibang mga tao; magpapapirma ako ng libro." Iniabot niya ang hawak na aklat dito.

Tinanggap naman iyon ng babae. Nang magtama ang kanilang mga daliri ay para itong napaso na

agad nagbawi ng kamay at madaling pinirmahan ang unahan ng libro.

Tumikhim si Raphael. "P'wede bang mag-request na iba naman ang ilagay mo, instead of your usual dedication and signature?" nakangiting pakiusap niya rito.

Nag-aalangan ito at nagdududa sa pabor na hinihingi niya. Tumingin muna ito sa katabing babae bago sumagot. "Sure. Ano ba'ng ilalagay?" tila napipilitang sagot nito.

He smiled even widely. "'To Raphael… It's nice to meet you. Hope we'll meet again soon. From, Chocolate Eyes.'"

Halos masigok siya sa pagpipigil ng tawa. Kitang-kita niya ang nanggagalaiting ekspresyon sa mukha ng dalaga. Hindi nito magawang tumanggi dahil sa mga taong nakatingin at sa editor nito na nasa likuran ng mesa. Jane was also looking at them with a mischievous smile playing on her lips.

Kulang na lang ay iitsa nito pabalik sa kanya ang libro na pinirmahan.

"Ayan," matipid nitong sabi.

"Thank you. I'll read it with feelings." Nang-

aasar na nginitian niya ito muli.

"As if…" bulong nito na narinig din naman niya.

Bago siya tuluyang umalis sa pila ay kinindatan pa niya ang manunulat. Ginantihan naman nito ng nanlilisik na tingin ang ginawa niya.

He was humming in satisfaction habang palabas ng bookstore.

"BUWISIT!"

Iritang-irita si Drew. Ang lahat ng kabang naramdaman niya bago nag-umpisa ang book signing ay naburang lahat nang makita ang mukha ng preskong Raphael na iyon.

All was going well in the event kung hindi lang sana dumating ang lalaki.

He was a certified bully. *Siguro maraming galit sa kanya noong bata pa siya*, she thought.

*Ini-stalk nga kaya niya 'ko? Bakit naman kung gan'un?* tanong ng kanyang isip na siya na rin ang sumagot.

As if naman ganoon siya kaganda para pag-aksayahan ng panahon ng isang gaya nito.

Nakita ni Drew ang kasama nitong babae. Ang sexy at ang tangkad. Mukhang modelo rin tulad ni Raphael Pantaleon. Hindi imposibleng girlfriend nito iyon.

*Asyumera ka, 'day*, kastigo ng isip niya.

She saw him leave the bookstore with the beautiful morena he was with at may parang lungkot siyang naramdaman.

Nge! Bakit naman siya malulungkot?As if gusto niya ang preskong iyon. Ang yabang na, feeling guwapo pa. Well, guwapo naman talaga ito. But still…

*Hay, naku! 'Wag ka nang mag-aksaya ng neurons sa kanya, Andromeda. Ito na ang huling beses na makikita mo siya. Itaga mo 'yan sa bato!* pangako niya sa sarili habang papaalis ng venue na iyon.

# 3

“At kailan pa ’ko naging driver? Aber, F?” napipikon na tanong ni Raphael sa kausap.

“Eversince pinagpanggap mo ’kong asawa last Valentine’s Day para layuan ka ni Katrina. Remember, ’yung ex mo na eskandalosa?” kampanteng tugon nito habang nakahiga sa kama sa loob ng bachelor’s pad niya.

Francheska Santos was every bit the Chinese-Filipina beauty. She was petite and fair-skinned with long black straight hair. Katulad ni Jane, isa itong modelo at close friend niya.

Napakamot sa batok si Raphael. “As a matter of fact, I do remember that. Pero, F naman… Driver? Ang mukhang ‘to? S’ang lupalop ka ba pupunta anyway?” Nanghihinang isinubsob niya ang mukha sa unan na hawak. He mentally reminded himself not to ask any favors again from these girls.

“Sa airport. Susunduin ko ’yung cousin ko. Nasira ’yung kotse ko kaya ’ayun. Sandali lang naman ito, Raf. Ihatid mo lang ako sa airport ‘tapos ihatid mo kami sa condo ko. No sweat, see?” nakangiting sabi

nito.

Nag-angat siya ng mukha. "'Yun lang talaga, ah? No malls. No bars. No nothing. Understand? Wala akong balak maging yaya. Halika na."

Tumayo na siya at nagpatiuna palabas ng pad. He was nearly inside his car when Francheska stopped her.

"Ano na naman ba?" He was beginning to be really irritated.

"Chill, Raf! I just wanna ask 'yung tungkol d'un sa girl na binanggit ni Jane. Totoo ba? May gusto ka sa isang writer? Kuwento ka naman," nakangiting usisa nito. "Andrea… Andy… Antonia…" She tried remembering the name.

"It's Andromeda. 'Drew' for short," sabi niya.

Biglang naglaho ang init ng ulo ni Raphael. Naalala na naman niya ang galit na mukha nito noon sa bookstore. He smiled unknowingly.

"Hala. I guess tama si Jane," putol ni Franchesca sa pag-iisip niya.

"Ano naman 'yun?" Raphael asked curiously.

"Mukhang tinamaan ka talaga sa girl na 'yan,

ah," she summed up.

"No way," he joked lightly.

"No, seriously, Raf. Sa lahat yata ng ex mo, wala pang nagpangiti sa 'yo nang ganyan mabanggit lang ang pangalan," she observed.

"Mga ex ko 'yon, F. Si Drew hindi ko ex. I just enjoy making fun of her," pagtatanggol niya sa sarili.

"Okay, okay. Bahala ka. Ingat lang, baka in the end, ikaw din ang magsisi." Sumakay na ang dalaga sa passenger seat ng kotse niya.

Raphael thought about Fracheska's words habang nagmamaneho.

Pano nga kaya kung may nararamdaman siya sa babaeng iyon?

*No way!* marahas na tanggi ng isip niya.

She was so uptight. Parang teacher. Bihirang ngumiti. In short, boring. Umaayon na sana ang takbo ng isip niya subalit may isang bahagi ang tumatanggi.

*Eh, bakit palagi mo siyang iniisip? Bakit ka napapangiti sa tuwing mababanggit ang pangalan niya? Di ba, nga binasa mo pa 'yung libro niya?*

*Nagandahan ka pa nga. Napahanga ka pa nga niya dahil sa pagiging writer niya. 'Tapos n'ung hinihingi ni Jane 'yung libro, ayaw mo nang ibigay?Ano 'yun, Raphael? High school crush?* depensa naman ng isang bahagi ng isip niya.

Sa lalim ng pag-iisip niya ay hindi niya napansin ang papasalubong na pulang *Beetle* sa kanto.

"Raf! Watch out!" Napatili si Francheska.

Bumalik ang diwa niya sa pagmamaneho at agad nakabig ang preno. Halos mauntog siya sa lakas ng impact ng preno niya. Mabuti rin at nakapagpreno agad ang driver ng pulang sasakyan.

Tinanggal niya ang seatbelt at agad na lumabas ng kotse. Nakita niyang gahibla lang ang pagitan ng dalawang sasakyan. Napalunok siya.

Lalapitan niya sana ang pulang sasakyan para makita kung maayos lang ang taong sakay niyon. Natigil lang siya sa paglapit nang pabalibag na bumukas ang pinto ng sasakyan at lumabas ang isang babaeng nanlalaki ang dalawang mata sa takot at galit.

Chocolate eyes…

Si Drew ang lumabas sa pulang sasakyan.

Hindi napigilan ni Raphael na kastiguhin ang sarili. Kinilabutan siya isipin lamang ang posibilidad kung ano ang masamang maaaring nangyari sa dalaga. He would not be able to forgive himself.

"Are you okay, Drew? Are you hurt?" nag-aalalang tanong niya rito.

"Ikaw na naman? My God!" bulalas nito. "Of all people naman! Akala ko, hindi mo lang ako gustong patayin sa asar, gusto mo pala talaga akong patayin literally! Wala naman akong balat sa puwet! Bakit ba minamalas ako pag nakikita kita?"

Ang pag-aalala ni Raphael ay naglaho nang marinig ang mga sinabi nito. He laughed hard. He was so glad she was safe.

"Tama ka. Mukhang minamalas ka nga sa tuwing nakikita 'ko. But don't you see? It's two-way. Dinapuan din yata ako ng malas. Hindi pa nga gumagaling ang pasa ko, madadagdagan pa. Nice brakes by the way." He smiled at her tenderly for the first time.

Unti-unting nabura ang takot at galit sa mga mata ng dalaga. Ang palaging present na kunot sa noo nito ay napawi. The transformation was so swift and uncalled for subalit nasaksihan niya iyon lahat.

The formidable Andromeda Gatchalian laughed.

*What pretty dimples*… Mayroon pala ito niyon.

Hindi alam ni Raphael na napatanga pala siya at natameme sa nangyari. Nagbalik lamang ang diwa niya nang magsalita ulit ito.

“Right, right. Pareho lang tayong minamalas but thank God, wala pang namamatay sa ’tin. I think it would be better kung simula ngayon ay layuan na natin ang isa’t isa, Mr. Pantaleon.” Nakangiting iaabot sana nito ang kamay para makipagkamay sa kanya.

“Let’s call it a truce, chocolate eyes.” He smiled back. Tatanggapin na sana niya ang kamay nito nang biglang lumabas si Francheska mula sa kotse niya.

“Raf, let’s go na! Mala-late na tayo.” Pumasok din ito pagdaka sa sasakyan.

Nilingon niya ito para senyasan subalit sa pagharap niyang muli kay Drew ay natagpuan niyang nakatalikod na ito at malapit sa kotse nito.

“No truce. Goodbye, Mr. Pantaleon. Just thank your lucky stars and ask them not to let us meet for the third time.” With that, lumulan na ito sa Beetle at pinaharurot iyon.

“Damn it!” naibulalas niya nang makapasok muli sa sariling kotse.

“Bakit, Raf?” nagtatakang tanong ni Francheska.

“Magaling talaga ang timing mo, ’no, F?” naiinis na sabi niya sa babae.

“What did I do?” Naguguluhan pa rin ito.

“Nothing. Just nothing.”

Tahimik nilang binagtas ang daan patungo sa airport na ang nasa isip ni Raphael ay ang mga salitang binitawan ni Drew at kaalamang marunong din pa lang ngumiti ang masungit na writer.

“O, BAKIT SAMBAKOL na naman ‘yang mukha mo, Drew?” tanong ni Chelsea sa kanya.

“Ha? Hindi, ah!” pagsisinungaling niya rito.

“Anong hindi? Gusto mo, bigyan kita ng salamin? Girl, mag-enjoy ka nga. It’s a party. Chill!” Umindak-indak ito sa saliw ng hip hop music sa bar.

“Ikaw na lang. Alam mo namang hindi ako mahilig magsayaw,” she insisted.

“If you say so.” Inakala niyang tatahimik na

ito, pero muli itong nagsalita. “Drew, sometimes, you should let loose. Kaya ka napagtitripan, eh. Remember that hunk from the book signing event? He was hitting on you. Kilala mo ’yun, ’no?” pangungulit nito.

Nang maalala ang lalaki ay lalong dumilim ang mukha niya. “He was an acquaintance. Nothing more.”

“Uy… Bakit parang hindi lang ‘yun? Are you hiding something from me?” tukso nito.

“Wala nga, eh. Chelsea, may I ask you something?” pag-iiba niya ng usapan.

“Sure. Ano ’yun?” tanong nito sa kanya.

“Naniniwala ka ba sa destiny?” Drew asked awkwardly.

Chelsea laughed. “Kaya siguro wala ka pang bf hanggang ngayon. Pero in fairness, sa iba, totoo ’yan. ’Yung kahit ano’ng gawin mong iwas, nagmi-meet at nagmi-meet kayo. At kahit anong pagra-rationalize mo sa sarili kung bakit hindi mo siya dapat magustuhan, nai-in love ka pa rin,” mahabang paliwanag nito.

Napaisip siya sa sinabi nito.

“Drew, sasayaw muna ‘ko, ah?” paalam ni Chelsea mayamaya.

“Sure, sure,” wala sa loob na sagot niya. Nang mapag-isa na siya sa mesa, bumalik sa isip niya ang nangyari kanina.

She almost made a truce with the most infuriating guy she had ever met.

Nang muntikan nang bumangga ang kotse niya sa sasakyan nito, inakala niyang mamamatay na siya. Hindi niya rin inaasahan ang pag-aalala sa tinig at tingin ng binata. Hindi niya akalaing marunong din pala ang loko na maging concerned sa ibang tao. She even managed to laugh at his simple joke, which eased her tensed muscles. Muntikan na siyang makipag-ayos dito kung hindi lang sa babaeng lumabas sa kotse nito.

The woman with him that time was a Chinese beauty. Hindi ang maganda at morenang kasama nito noong book signing. Hindi niya alam ang nangyari. Bigla na lamang sumibol ulit ang asar niya sa lalaki.

*You’re insecure! Alam mo kasing hindi ka tipo ng Raphael na iyon. Ang mga gusto n’un, mga models. Ikaw hindi. You’re plain and ordinary*, kutya ng isip niya.

*Eh, ano naman? As if gusto ko siya. Ayoko lang ng pinaglalaruan. That's all*, another part of her brain defended.

Pinanood niya ang magkakaparehang nasa gitna ng dance floor. She sipped her cocktail.

How sad… Sana pala hindi na lang siya pumunta roon. Tama nga yata ang kaibigan niya. Boring siya kaya siguro walang magkainteres sa kanya.

Napabuntong-hininga siya sa isiping iyon.

"Is this seat taken?" tanong ng isang baritonong tinig sa tabi niya.

Napatingala si Drew. Nginitian niya ang lalaki. "P'wede naman. Umupo ka lang kahit saan diyan, Mico." Iminuwestra niya ang upuan sa paligid niya.

Tumawa ito. "This is a party. Why aren't you dancing, Drew?"

Napangiti siya nang tipid.

Kaibigan niya si Mico Vizcarra at ito rin nag-iisang katrabahong lalaki na kumakausap sa kanya. Guwapo ito, katamtaman ang tangkad at maputi. Kung titingnan ay masasabing boyfriend material ito. Nagkataon nga lang na kaibigan lang ang tingin niya rito.

“Hindi ako marunong sumayaw,” she said.

Tumangu-tango lamang ito. Matapos ay tumitig sa mga mata niya.

“Can I tell you a secret, Drew?” seryoso nitong tanong.

“Sure. Ano ba ’yon?” tanong niyang half-interested lamang.

Ilang sandali itong tumitig lamang sa kanya bago sumagot sa mahinang tinig. “I can’t dance, too.”

She laughed out loud. “Akala ko naman kung ano na, but thanks, Mico.” She patted his arm.

He held her hand in his. “Ayos lang ’yun. You’re welcome. Gusto mo ng drinks?”

Tumango lamang siya dahil ubos na ang kanyang inumin.

“By the way, pang-ilan mo nang baso ’yan?” nag-aalala nitong tanong, na ang tinutukoy ay ang cocktail drink na iniinom niya.

Napaisip siya sandali bago sumagot. “Tatlo ’ata.”

“Last na ’tong kukunin ko ’tapos ihahatid na kita pauwi,” he said.

"May dala 'kong kotse, Mico."

"Okay lang; ako na lang magda-drive ng kotse mo," he offered.

"Pa'no 'yung kotse mo?" usisa niya pa rin.

"Babalikan ko na lang dito bukas. Magta-taxi na lang ako pauwi mula sa inyo." Umiling ito nang makita ang hesitation sa mukha niya. "I won't take no for an answer, Drew. Teka kukuha na 'ko ng drinks." Iniwan na siya nito sa mesa nila.

She looked at the retreating figure of her friend with wistfulness. Sa kabila ng pagiging perfect gentleman nito ay iba ang mukhang gusto niyang makita.

A face that belonged to a confident guy, wearing a naughty smirk on his lips.

Si Raphael Pantaleon…

# 4

“Heto na po, Ma’am Donna, ’yung manuscript ko. I just finished writing it.”

Iniabot ni Drew sa kanyang editor ang hawak na makapal na envelope. Her editor received it from her with a wide smile on her lips.

“Very good, Drew. Maaasahan ka talaga kapag deadlines. Hindi katulad ng ibang writers natin. Pasensya na kung dito ko pa pinaderecho ang manuscript mo. Hindi ko kasi in-expect na magkakasakit ako.” Her editor coughed and excused herself.

Sinadya pa niya ito sa mismong tinitirahan nito para ipasa ang nobela niya.

“Okay lang po ’yun, Ma’am. Mabuti nga po iyon, nadalaw ko rin kayo rito sa inyo.”

Matapos ang ilang minuto ng usapan ay nagpaalam na rin siya sa editor.

“Mauna na po ako, Ma’am Donna. Gumagabi na po kasi. Pagaling po kayo, Ma’am.” Tumayo na siya sa upuan at tinungo ang pinto ng condo unit nito.

Nang naglalakad na siya sa hallway ng condominium building ay napuno siya ng pag-aalala.

Ngayong tapos na ang hirap niya sa manuscript, ang pagbibiyahe pauwi naman ang poproblemahin niya.

Naaasar na tiningnan niya ang nakapinid na elevator door. Bakit ba kasi nasa twenty-seventh floor pa ang unit ni Ma'am Donna? Hay naku, talaga…

Napapabuntong-hininga siya nang lumulan sa elevator. Wala siyang kasabay sa sumunod na anim na palapag. Pagsapit sa twenty-first floor ay bumukas ang elevator.

Biglang nanlaki ang mga mata niya sa eksenang sumalubong sa kanya.

Isang babae at lalaki ang magkayakap sa hallway ng building. Nakatalikod ang lalaki sa kanya kaya ang mukha lang ng babae ang nakita niya.

The woman had a face like that of a doll and curly black hair. Kahit mugto ang mga mata nito na malamang ay dahil sa pag-iyak, kapansin-pansin pa rin ang ganda nito. Nakadama siya ng awa para sa babae. Pipindutin na sana niya ang close button ng elevator door para bigyan ng privacy ang magkapareha nang biglang pumihit ang lalaki. Her

jaw dropped literally.

It was Raphael Pantaleon!

Nagtama ang kanilang mga mata. Naghinang ang mga iyon. Nagsukatan kung sino ang unang magbabawi ng tingin.

Natalo si Drew. Iniiwas niya ang tingin dito subalit narinig pa niya ang palitan ng salita ng dalawa.

“See you tomorrow, Kay. Bukas na lang natin ituloy ang pag-uusap. Take care,” malambing nitong paalam sa magandang babae.

“Thanks again, Hael.” Maging ang boses ng babae ay kahali-halina sa tainga.

Tuluyan nang lumulan ito sa elevator. Nang magsara ang pintuan at nag-umpisang umandar pababa ng building ay saka nagsalita ang binata.

“Small world, chocolate eyes,” anito.

Kahit hindi niya tinitingnan ang binata ay dinig niya sa tinig nito ang amusement.

Lalo lang iniiwas ni Drew ang tingin dito.

“Puwede, huwag mo na lang akong kausapin? Pretend I’m not here,” mataray niyang balik sabay

tingin nang masama sa direksyon nito.

Napapito ito at saka nagkibit-balikat. Ilang minuto rin silang walang imikan.

Nasa ikatlong palapag na sila ng building nang muli itong magsalita, “Magkasama na naman tayo. Ano naman kayang kamalasan ang mangyayari sa ’kin ngayon?” Mahina ang tinig ng lalaki, pero malinaw niyang narinig iyon.

Magbabato sana siya rito ng maanghang na tugon nang biglang huminto ang elevator at namatay ang ilaw. Agad napakapit si Drew sa gilid.

*No! No! No! Not this!* sigaw ng isip niya. Hindi iyon nakawala sa lalamunan niya dahil kagat niya nang mariin ang pang-ibabang labi.

“Damn! Na naman? I was just joking,” nakakalokong bulyaw ng binata sa tabi niya.

Wala siyang nakikita dahil sa dilim subalit nakaaninag siya ng liwanag na nanggagaling sa direksyon nito. May hawak itong cellphone.

Ang kasiyahang biglang umusbong sa kanyang dibdib ay agad ding naglaho nang mamatay ang ilaw ng aparato.

“Low batt? Sh*t!” naiiritang pahayag nito. “May

cellphone ka ba?" baling nito sa kanya.

Pinilit niyang sumagot. "N-naiwan ko sa kotse."

"Great! Just great! I guess we're stuck here." May pagsuko sa tinig nito.

Lalo siyang inalihan ng takot. Ang ideyang makukulong siya sa isang lugar na madilim ay nagdudulot ng kakaibang sensasyon sa kanya. Pinagpawisan siya ng malamig at bumilis din ang pulso niya. Nag-uumpisa na rin ang paninikip ng dibdib niya at nahihirapan na siyang huminga.

*Drew, relax. Everything's going to be okay. Breathe. Breathe.*

Pumikit siya at pinilit pakalmahin ang sarili. Kahit paano ay nagagawa niyang humugot ng malalalim na hininga.

"P-puwede bang magsalita ka diyan, Pantaleon," aniya sa pilit na pinatatag na boses.

"Now, you're telling me that. Bigyan mo nga ako ng magandang dahilan para pagbigyan ka?" nang-aasar na tanong ng binata.

"I… I'm not comfortable in the dark," mahinang tugon niya. Nakakaramdam na siya ng pamimigat ng ulo. Isinandig niya iyon sa dingding ng elevator.

"Takot ka sa dilim?" hindi makapaniwalang tanong ni Raphael.

Hindi na niya nagawang sumagot. Kailangan niyang tipirin ang natitirang lakas.

"Okay, okay… Ano ang gusto mong pag-usapan? Let me see…" Tila nag-iisip ito kung paano uumpisahan ang pagkukuwento.

"For a start… t-tungkol sa 'yo," she managed to say.

"I'm Raphael Pantaleon, twenty-seven, model, single…" he said matter-of-factly.

"Single?" Sa kabila ng nararamdamang hapo ay nagawa niyang kuwestiyunin ang status nito.

"Oo. Single," seryoso nitong balik sa kanya.

"Really?" nang-aasar na tanong ni Drew.

Natawa nang pagak ang binata. "Single as in no commitments. As in, wala kahit flings o kahit ano pang naiisip mo, chocolate eyes," he patiently reiterated.

"Why do I find that so hard to believe?" Kahit papaano ay nagagawa na niyang ma-relax ang sarili. Talking was a nice strategy.

“Gan’un ba? Would it help kung sabihin kong ’yung tatlong babaeng nakita mong kasama ko sa magkakaibang panahon, are just my close friends?” Nang-aarok ang tingin nito sa kanya.

“Kung ide-deny mo, baka naniwala pa ’ko. Kung ang definition mo ng ‘close friend’ ay katulad ng sa ’kin baka maniwala pa ‘ko.” She could not help but let out a soft giggle.

Natawa rin ito sa tinuran niya.

“Close friend. Kaibigan na mahilig humingi ng pabor. In return, gan’un din ako sa kanila. First, I was a chaperone in a book signing event. Next, I was an instant driver. And lastly, punching bag at shock absorber ng babaeng iniwan ng boyfriend. Pasado ba ’ko sa definition mo?” he narrated comically.

Hindi mapigilan ni Drew ang matawa sa sense of humor nito. Despite her current condition, nagagawa niyang makinig sa mga kalokohan nito.

“’Wag ka’ng mag-alala, pumasa ka naman. Hobbies?” patuloy na usisa ng dalaga. Nag-uumpisa na siyang maging interesado sa pagkatao ng lalaking inakala niya noong umpisa ay isang ‘egotistical bastard.’

“Katulad ng sa normal na tao,” matipid nitong

sagot.

"What's that supposed to mean?" naguguluhang tanong niya muli.

He shrugged his shoulders. "Matulog at manood ng TV."

"You don't strike me as that kind of guy," aniya.

"Ano ba ang tingin mo sa 'kin?" na-curious na untag nito.

"Someone who enjoys bar-hopping, mall-hopping, girl-hopping… those stuff," prangka niyang sagot.

"'Ayan, chocolate eyes, ang mga activities na iniiwasan ko. Pointless. Sayang lang sa panahon. I'd rather stay at home."

"Hmm… Siguro sa bar at mall nagkamali ako, pero sa mga babae… I think I guessed right. You're a playboy," she concluded.

Sandaling nanahimik ang binata. Kinabahan bigla si Drew sa katahimikang bumalot sa paligid niya. When she started trembling in fear again, saka pa lamang nagsalita ang lalaki.

"Playboy. Hindi ko alam kung tama nga na tawagin akong gan'un. I had many girlfriends, I

don't deny that. Pero never akong nang-two-time at nanloko. Kapag hindi ko na kayang mag-stay sa isang relasyon, umaalis na agad ako. Ayokong paasahin 'yung babae. But based on my experience, sa 'kin naman palagi nag-uumpisa ang problema. As I quote my exes say about me, 'You're not boyfriend or husband material'," seryoso nitong paliwanag sa kanya.

Drew detected the sadness and acceptance underneath Raphael's carefree façade. Nakadama siya ng awa para rito.

"Many? Bakit ilan na ba ang naging gf mo?" tanong niya muli.

Nagdalawang-isip ito bago sumagot. "Twenty-one."

Nanlaki ang mga mata ni Drew. "Gan'un na karami?"

"Oo. Ngayon, hindi ka makapaniwala?" natatawa nitong balik.

"Hindi naman sa gan'un. Nagulat lang ako." She let out a soft laugh.

"Ano pa bang tungkol sa 'kin? Only child ako. Single mother at stage mother ang mama ko. Siguro kaya mas gusto kong magpalipas ng oras sa loob ng

pad ko kaysa gumimik dahil din sa pagiging active ko sa trabaho noong bata pa 'ko."

Natagpuan na lamang ni Raphael ang sarili na magaan na ikinukuwento sa dalaga ang sariling buhay. At mula roon, nakilala ni Drew ang isang sensitive at mabuting lalaki behind his easy-going front.

And despite her fatigued body, nakadama siya ng kapanatagan kasama ito.

"Naikuwento ko na 'ata lahat ng tungkol sa buhay ko. Ikaw naman kaya, chocolate eyes? Tell me about yourself," he urged.

Natahimik nang panandalian si Drew bago nagawang sumagot. "Let's see… My name's Andromeda Gatchalian, twenty-five years old… a writer." Kumunot siya habang nag-iisip ng sasabihin pa. "Wala namang interesting sa buhay ko. I'm boring," aniya.

"Single?" tanong ng binata.

"Obvious ba?" Natawa siya nang pagak.

"As in wala kang boyfriend ngayon?" he inquired further.

"As in wala talaga since noon pa," she corrected.

"Bakit naman?" Naguguluhan ang tono nito.

Natawa ulit ang dalaga nang pagak. "Bakit naman hindi? Walang magkakagusto sa isang boring at geeky-looking na babae na walang sense of fashion. I'm no fun," she said matter-of-factly.

Patlang.

Makalipas ang ilang sandali ay nagsalita muli si Raphael. "You know, chocolate eyes, with your glasses and your offending clothes aside, you're pretty. Bonus pa ang pagiging talented mo sa pagsusulat. Tanga lang ang lalaki kung hindi niya 'yun makikita," seryoso nitong paliwanag.

Kinilig naman si Drew sa tinuran nito. Ngunit kaagad din niya iyong pinigilan. "Bolero ka din pala." She smiled in the dark.

"It comes out naturally. Bakit hindi mo subukang mag-iba ng image? Sinabi ko nga, it's all in the clothes."

"I don't want people to see me as a mere display. Gusto kong ma-appreciate nila 'ko sa mga nagawa ko at hindi sa ganda ng panlabas na hitsura ko," madamdamin niyang sagot.

Natahimik sandali ang lalaki bago nagawang sumagot.

"I envy you. Sana ganyan din ang tingin ko sa buhay. Tell me about your family. Tungkol sa parents mo? Foreigner ba ang isa sa kanila? 'Yung features n'yo kasing magkapatid parang hindi sa Pinoy," he said in an attempt to change the topic.

"No. May lahi lang talaga kaming Spanish. My brother and I inherited our brown eyes from our mom. Patay na pala parents ko, kami na lang dalawa ng kapatid ko," kuwento ni Drew sa kaswal na tono.

"I'm sorry."

"Okay lang. That was ten years ago. Third year ako at elementary si Rio. Car accident. Simula noon, ako na ang nag-alaga sa kapatid ko. Isa rin siguro 'yun sa mga dahilan kung bakit hindi ako makahanap ng boyfriend. Mas mahalaga sa 'kin ang kapatid ko."

"Ikaw ang nag-alaga sa kanya? Nagtrabaho ka sa batang edad? Wala ba kayong kamag-anak na tumulong sa inyo?" Tila napapantastikuhan si Raphael.

"Ayaw kong maging pabigat kami sa kanila; may sari-sarili silang buhay," Drew answered.

"Hindi mo ba naisip na darating din ang panahon na iiwan ka ng kapatid mo? Mag-aasawa siya at magkakaroon ng sariling pamilya. Paano ka

na pag nagkataon?" Raphael pressed on.

"Siguro d'un ko pa lang iisipin na pumasok sa isang relationship. But I think matanda na 'ko n'un. Ayos lang naman sa 'kin. Ang pagmamahal ko sa kapatid ko ay unconditional. Wala akong hinihintay na kapalit. Basta masaya siya, magiging masaya na din ako," she answered truthfully.

Sandali ulit natahimik ang binata. Kinabahan si Drew na baka nagsawa na ito sa pakikipag-usap sa kanya. She started shivering again.

Raphael broke the silence. "I was wrong. Hindi ka pala pretty," seryoso nitong sabi.

Drew's heart sank. Ang natitira niyang self-esteem ay parang kandila na naupos sa narinig.

"You're not pretty. That was an understatement, you're a very beautiful person—inside and out. Hindi mo na kailangan ang magagandang damit o bagong image. You're beautiful just the way you are. Sa susunod na may magparamdam sa 'yo na hindi ka maganda, isumbong mo sa 'kin, gugulpihin ko," he continued seriously.

Parang lumulutang sa alapaap ang pakiramdam ni Drew. Wala pang lalaki na nagsabi sa kanya ng ganitong mga bagay. Bola man o hindi, napabilib

siya nito. Sweet talaga na person itong si Raphael Pantaleon.

"T-thank you," mahina niyang pahayag.

"You're very much welcome, chocolate eyes." Kahit hindi nakikita ni Drew ang binata ay batid niyang nakangiti ito katulad niya.

"Ito na yata ang pinakamatino nating usapan, don't you think?" tanong ng lalaki.

"O-oo nga…" Drew barely answered.

Despite their interesting conversation, naramdaman niya ang hapo at panlalamig ng katawan. Ilang sandali pa ay nag-umpisa nang mamigat ang talukap ng kanyang mga mata. Hindi na niya namalayan nang nawalan siya ng malay kapiling ang lalaki na, pilit man niyang itanggi, ay nagkaroon na ng puwang sa kanyang puso.

"HANGGANG anong oras kaya tayo magtatagal dito?" Raphael asked her.

Kasabay ng tanong niya ay ang pagbubukas ng ilaw at pag-andar ng elevator.

"Thank God! Drew, mak–" Napatayo si Raphael subalit naputol ang galak na sumibol sa dibdib niya

nang makitang nakahandusay ang dalaga sa sahig ng elevator.

Kaagad dinaluhan niya ang dalaga. He touched her cheeks.

"God! You're cold… Drew! Drew, wake up! Okay ka lang ba?" Tinapik-tapik niya ang pisngi ng babae subalit hindi ito natinag. Nilukuban siya ng takot.

Naalala niyang bigla ang pag-uusap nila kanina.

*"I… I'm not comfortable in the dark."*

Bakit ba hindi niya agad naisip ang ibig sabihin ng salita ng dalaga? She was not just scared of the dark, she was a nyctophobic.

*Damn! Napakatibay naman ng babaeng 'to. Imbis na umiyak at magwala, nagtapang-tapangan pa.* Kinakastigo niya ang sarili at tahimik na pinapagalitan ang babae.

Dahan-dahan niyang binuhat ito. Pagkabukas ng pinto ng elevator ay tinakbo niya ang parking area.

*Please be okay, chocolate eyes…*